# Kataga ng Buhay

**Agosto 2025**

## "Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso"

(Lucas 12:34) .

Iniulat ng ebanghelistang si Lucas na ibinahagi ni Hesus ang turong ito sa Kanyang mga alagad habang sila'y naglalakad patungong Jerusalem, ang lugar ng Paskwa ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Sa daan, tinawag Niya sila bilang 'munting kawan'[1] at ipinagtapat Niya ang lahat ng nasa puso Niya. Kasama sa mga kaisipang ito ang pangangailangang ihiwalay ang sarili sa mga ari-arian, magtiwala sa awa't tulong ng Ama, maging mapagmatyag at ang pahalagahan ang pamumuhay sa aktibong paghihintay sa Kaharian ng Diyos.

Sa naunang mga talata, hinimok ni Hesus ang mga alagad na magkaroon ng saloobing hindi kumakapit sa mga bagay sa mundo at huwag mag-alala sa anumang bagay, maging sa sariling buhay. Sinabi Niya sa kanila na huwag mag-alala tungkol sa mga materyal na pangangailangan dahil alam ng kanilang Ama sa langit ang lahat ng kanilang kailangan. Sa halip, inanyayahan Niya sila na pagsikapang matagpuan ang Kaharian ng Diyos at hinimok sila na mag-ipon ng 'isang tiyak na kayamanan sa langit.'[2] Hindi isinusulong ni Hesus ang isang saloobing walang pakialam sa mga bagay sa lupa o ang iresponsableng pag-uugali sa trabaho. Ang Kanyang layunin ay alisin ang ating pagkabalisa, pagkabagabag at takot.

**"Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso."**

Sa kalagayang ito, ang ibig sabihin ng 'puso' ay ang nagbibigkis na sentro ng tao na nagbibigay kahulugan sa lahat ng kanyang nararanasan; nandito ang katapatan at walang panlilinlang o pagkukunwari. Ipinapahiwatig nito ang tunay na layunin ng isang tao, kung ano talaga ang iniisip, pinaniniwalaan at ninanais ng isang tao. Ang 'kayamanan' ang pinakamahalaga sa atin at, samakatuwid, ang inuuna natin sa lahat. Ito ang ating pinaniniwalaan na nagbibigay ng katiwasayan ngayon at sa hinaharap.

Sinulat si Papa Francisco: "Sa isang mundo kung saan ang lahat ay binibili at binebenta, lumalabas na higit na nakadepende ang pagpapahalaga ng tao sa kanyang sarili sa kung ano ang maaari niyang maimbak gamit ang kapangyarihan ng pera. Patuloy tayong inuudyok na bumili, habang gumagamit at naghahanap ng mga bagay upang ilayo ang ating pansin sa mga hamon ng buhay, nabibihag ng isang mapanghamak na sistemang humahadlang sa atin na tumingin sa labas ng mga maliliit at inuunang pangangailangan ng sariling mundo."[3]

Ngunit, sa kaloob-looban ng bawat tao, mayroong laging paghahanap sa tunay na kaligayahan na hindi tayo bibiguin at walang materyal na bagay ang makapagbibigay sa atin ng kasiyahan.

Sinulat ni Chiara Lubich: 'Oo, nariyan ang hinahanap mo: sa iyong puso, mayroong paghahangad na walang katapusan at walang kamatayan; isang pag-asang hindi namamatay; isang pananampalatayang pinupuksa ang kadiliman ng kamatayan at isang liwanag sa mga nananampalataya: hindi totoo na walang kabuluhan ang iyong pag-asa, na walang kabuluhan na ika'y naniniwala! Hindi totoo na walang kabuluhan ito! Umaasa ka, naniniwala ka para Magmahal.' [4]

**"Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan,
naroon din ang inyong puso."**

Inaanyayahan tayo nitong Kataga ng Buhay na suriin ang ating budhi. Ano ang aking kayamanan? Ano ang pinaka-pinahahalagahan ko? Ang sagot ay maaaring magkaroon ng maraming iba't ibang kahulugan tulad ng katayuan sa lipunan pati na rin ang katanyagan, tagumpay at kapangyarihan. Sinasabi sa atin ng karanasan na dapat nating patuloy na ibalik ang ating sarili sa totoong buhay na hindi lumilipas, sa radikal at mapaghamong buhay ng pagmamahal ng Mabuting Balita:

*'Hindi sapat para sa isang Kristiyano na maging mabuti, maawain, mapagpakumbaba, na may mababang loob at matiyaga... Sa pakikipag-ugnayan sa kapwa, dapat niyang isagawa ang pagmamahal na itinuro sa atin ni Hesus. [...] Sapagkat ang pagmamahal ay hindi pagiging handa na ialay ang buhay. Ito'y pag-aalay ng buhay.'* [5]

Dapat nating mahalin ang bawat kapwa na nakakasalamuha natin sa buong araw (sa pamilya, sa trabaho, kahit saan) sa sukat ng pag-aalay ng buhay. Kung nabubuhay tayong hindi iniisip ang sarili, at sa halip, iniisip at nabubuhay para sa iba, mararanasan natin ang tunay na kalayaan.

**"Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan,
naroon din ang inyong puso."**

Augusto Parody Reyes at ang pangkat ng Kataga ng Buhay

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

---

1. Lucas 12:32
2. Lucas 12:33
3. Papa Francisco, *Dilexit nos*, 218
4. C. Lubich, *Early Letters, June 1944*, New City Press, 2012    5. C. Lubich, *Conference Calls*, New City UK, 2022

**Distributed in Japan by Focolare：**
www.focolare.org/en ・ www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com
Tel. Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424
Nagasaki: 095-849-3812